

Paano Bumoto nang Ligtas: Gabay para sa mga Naturalisadong Mamamayan at Iba Pang Kwalipikadong Botante

Sa milyun-milyong imigrante sa Estados Unidos, may [humigit-kumulang 26 milyong naturalisadong mamamayan ng U.S.](#) ang kwalipikadong bumoto sa mga pederal na halalan. Bukod dito, maraming mamamayang ipinanganak bilang Amerikano ang kabilang sa mga pamilya, kung saan ilan sa mga miyembro ay mga imigrante, o nasa mga lugar sa bansa na may malaking populasyon ng mga imigrante. Malaki ang magiging papel ng mga kwalipikadong botanteng ito sa mga pederal na halalang midterm sa 2026, sa kabila ng pananakot, paninindak, at mga intimidasyon upang pigilan silang makilahok. **May karapatan ang lahat ng kwalipikadong mamamayan ng U.S. na bumoto nang malaya at walang takot.**

Idinisenyo ang gabay na ito upang tulungan ang mga kwalipikadong botante, kabilang ang mga naturalisadong mamamayan, na makaboto nang ligtas sa mga pederal na halalan sa midterm ng 2026 at sa mga susunod pa.

Sino ang kwalipikadong bumoto sa mga pederal na halalan?

- Sa pangkalahatan, ang mga mamamayan ng U.S. na edad 18 pataas ay [maaaring bumoto](#), kahit kamakailan lamang silang nanumpa bilang mamamayan.
- Upang makaboto sa isang partikular na estado, kailangang matugunan ang mga [kinakailangan sa paninirahan](#) ng estadong iyon at rehistrado ka bilang botante roon. Sa maraming estado, kailangang magparehistro ilang linggo bago ang halalan upang makaboto rito. Sa ilang estado hindi pinahihintulutang bumoto ang mga taong nahatulan ng mabigat na krimen o kasalukuyang nakakulong.
- **Hindi** ka maaaring bumoto sa mga pederal na halalan kung ikaw ay isang Lawful Permanent Resident (o "may green card") o hindi mamamayan na may iba pang katayuan sa imigrasyon, gaya ng DACA o TPS.

Ano ang maaari mong gawin upang matiyak na handa kang bumoto?

- Kumpirmahin ang iyong kwalipikasyon at magparehistro upang makaboto bago ang deadline. Tingnan dito ang mga patakaran ng iyong estado: [vote.org/voter-registration-rules/](https://www.vote.gov/voter-registration-rules/).
- Hinihikayat kang bumoto nang maaga kung maaari, personal man na pagboto o mail-in na pagboto, sa mga estadong nag-aalok ng mga opsyong ito. Tingnan dito ang mga opsyon sa maagang pagboto: <https://www.vote411.org/select-state>.
- Kung boboto ka sa Araw ng Halalan, hanapin ang iyong lugar ng botohan at tiyaking dala ang anumang kinakailangang dokumento para sa pagkakakilanlan: <https://www.vote411.org/select-state>. Nagkakaiba-iba ang mga kinakailangan sa voter

ID depende sa estado: may ilang humihiling ng government-issued photo ID, at may iba namang tumatanggap ng mga dokumentong walang larawan bilang patunay ng pagkakakilanlan, gaya ng mga bill sa kuryente. Makikita rito ang buod ng mga kinakailangan sa voter ID ng bawat estado:

<https://www.ncsl.org/elections-and-campaigns/voter-id>.

Ano ang dapat malaman tungkol sa mail-in na pagboto sa 2026 midterm na halalan?

- Maraming estado ang pinapayagan ang mail-in na pagboto, na madalas tawaging “absentee ballot.” Ang ilang estado, gaya ng Oregon at Colorado, ay isinasagawa ang kanilang mga halalan nang lubos o halos lubos sa pamamagitan ng mail-in.
- Bagaman sinubukan ng administrasyong Trump na baguhin ang paghawak ng U.S. Postal Service sa mga mail-in na balota sa pamamagitan ng isang [executive order](#), [ibinasura](#) ito ng Korte Suprema. Maaaring ipagpatuloy ng mga estado ang mail-in na pagboto ayon sa kanilang umiiral na mga proseso.
- Sa pangkalahatang halalan noong 2024, [halos 47 milyong mail-in na balota ang naipasa](#), na bumubuo sa humigit-kumulang 30 porsiyento ng lahat ng mga bumoto.
- Maaari mong tingnan dito ang mga opsyon ng iyong estado para sa mail-in na pagboto: <https://www.vote411.org/select-state>. Maaari kang humiling ng absentee ballot dito: <https://www.vote.org/absentee-ballot/>.

Ano ang hindi pinahihintulutan sa mga lugar ng botohan?

- **Maaari** kang magsama ng tagasalin kung walang inaalok ang lugar ng botohan. Illegal na pigilan ang sinuman sa pagboto dahil sa kanilang kakayahan sa Ingles.
- Sa kabila ng mga banta mula sa administrasyong Trump, ilegal para sa mga armadong ahente ng ICE o iba pang pederal na ahensya, kabilang ang Sandatahang Lakas ng US, na magpakita sa mga lugar ng botohan.
- Ang panghaharas, intimidasyon, o anumang iba pang aksyon na pumipigil sa mga kwalipikadong tao na bumoto ay labag sa batas, kahit sino pa man ito.

Ano ang dapat gawin kung may makita kang lumalabag sa mga batas sa karapatang bumoto?

- Manatiling kalmado at huwag palalain ang sitwasyon. Sa halip, idokumento ang iyong nakikitang mga detalye tungkol sa pangyayari, tulad ng kung sino ang lumalabag, ano ang kanilang ginagawa, at kung sila ba ay nakasuot ng uniporme.

- Mahalagang tandaan na may ilang estadong pinagbabawal ang pagkuha ng mga litrato o mga video sa mga lugar ng botohan, at ang pagre-record o pagkuha ng larawan ng ibang mga botante ay maaaring ituring na voter intimidation sa ilalim ng pederal o batas ng estado.
- Kung magagawa mo ito nang ligtas, ipaalam sa isang poll worker ang anumang panghihimasok o intimidasyon sa lugar ng botohan. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa opisina ng halalan ng iyong estado: <http://www.usa.gov/state-election-office>.
- Sa sandaling magawa mo ito nang ligtas, tawagan ang mga numerong ito ng Election Protection Hotline upang iulat ang iyong nakita:
 - English: 866-OUR-VOTE (866-687-8683)
 - Spanish: 888-VE-Y-VOTA (888-839-8682)
 - Arabic: 844-YALLA-US (844-925-5287)
 - Mandarin, Cantonese, Korean, Vietnamese, Tagalog, Urdu, Hindi, Bengali/Bangla, at Punjabi: 888-API-VOTE (888-274-8683)
- Iwasang palalain ang mga di-beripikado o di-mapagkakatiwalaang ulat tungkol sa panghihimasok o intimidasyon sa mga lugar ng botohan. Ang ganitong mga ulat ay maaaring magkalat ng maling impormasyon at magdulot ng takot. Sa halip, iulat ang mga kahina-hinalang insidente sa Election Protection Hotlines (mga numero sa itaas), na makatutulong sa pagberipika at pagtugon sa mga nakababahalang ulat.
- Huwag mong isuko ang iyong karapatang bumoto! Kung ikaw ay nakapila bago magsara ang iyong lugar ng botohan, may karapatan kang makaboto.
- Kung kwestiyunin ang iyong kwalipikasyon na bumoto, maaari ka pa ring humiling at magsumite ng provisional ballot sa lugar ng botohan. Susuriin at pagpapasyahan ng mga tagapangasiwa ng halalan ang iyong pagiging kwalipikado. Kapag napatunayang kwalipikado ka, mabibilang ang iyong boto.
- Maraming organisasyon para sa karapatan ng mga imigrante ang tumutulong na ipagtanggol ang karapatan sa pagboto ng mga mamamayan ng U.S. sa mga imigranteng komunidad, kabilang ang mga naturalisadong mamamayan. Makipag-ugnayan sa lokal na organisasyon at sa kanilang mga sanggunian na may kaugnayan sa halalan, na iniakma sa mga partikular na pangangailangan at kalagayan ng inyong lokal na komunidad. Narito ang listahan ng mga organisasyong ito:
<https://www.nilc.org/resources/solidarity-guide/#map-of-local-organizations>.